# DV-105-INFO T Paghiling ng Mga Kautusan sa Kustodiya at Pagbisita sa Bata

## Ano ang mga kautusan sa kustodiya at pagbisita sa bata?

Ang desisyon ng hukom na nagsasabi sa mga magulang kung paano sila magiging responsable sa pangangalaga ng kanilang mga anak. Ang hukom ay kailangang maggawad ng mga kautusang nasa pinakamahuhusay na interes ng inyong anak.

## Ano ang kustodiya sa bata?

Mayroong dalawang uri ng kustodiya sa bata:

- Pisikal na kustodiya: Ang taong kasama ng bata sa isang regular na batayan.
- Ligal na kustodiya: Ang karapatan para sa isang taong gumawa ng mahahalagang desisyon tungkol sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, at kapakanan ng bata.

Para sa parehong uri ng kustodiya, maaaring magkahati ang mga magulang (magkasama) sa kustodiya o isang magulang ang may ganap na kustodiya (natatangi). Ang hukom ay naggagawad ng kustodiya batay sa kung ano ang nasa pinakamahusay na interes ng bata. Tandaan na ang isang magulang ay maaari pa ring magkaroon ng oras para sa pagiging magulang (pagbisita), kahit hindi igawad sa kanya ng hukom ang kustodiya. At kung natagpuan ng hukom na nagkaroon ng karahasan sa tahanan sa iyong kaso, maaaring iangkop ang mga espesyal na batas sa kustodiya ng bata. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa batas, pumunta sa selfhelp.courts.ca.gov/domestic-violence-child-custody.

## Ano ang pagbisita o oras ng pagiging magulang?

Ito ang iskedyul sa kung paano gugugulin ng inyong mga anak ang panahon kasama ang bawat magulang. Kailangang pagpasyahan ng hukom ang iskedyul na pinakamahusay para sa inyong mga anak. Kung mayroon kang alalahanin sa kaligtasan, ipaalam sa hukom nang nakasulat ang mga alalahaning ito sa iyong mga dokumento sa hukuman.

## Paano ako hihiling ng mga kautusan sa kustodiya at pagbisita sa bata?

Upang humiling para sa mga kautusang ito na may kautusan ng pagbabawal na makipag-ugnayan, kumpletuhin ang form DV-105, *Kahilingan para sa Mga Kautusan sa Kustodiya at Pagbisita sa Bata*, at isumite ito kasama ang iba pang mga dokumento ng hukuman na kailangan mong kumpletuhin para humingi ng kautusan ng pagbabawal na makipag-ugnayan. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung paano humiling ng kautusan ng pagbabawal na makipag-ugnayan, basahin ang form DV-505-INFO, *Paano Humiling ng Kautusan ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan Dahil sa Karahasan sa Tahanan.*

## Kailangan ko bang magbayad upang ihain ang form DV-105 sa hukuman?

Hindi, walang singil ang hukuman.

## Mga Uri ng Pagbisita

- **Mga pagbisitang hindi binabantayan**

  Ang magulang at anak ay malayang bumibisita, nang wala ang presensya ng ibang tao. Ito ay maaaring isang magandang opsyon kung walang alalahanin sa kaligtasan.

- **Mga pagbisitang binabantayan**

  Ang magulang at anak ay may neutral na ikatlong indibidwal na titingin at makikinig sa panahon ng pagbisita. Ang neutral na ikatlong indibidwal ay maaaring isang propesyonal o hindi propesyonal na provider.

### *Propesyonal na provider*

Ang propesyonal na provider ay isang indibidwal na may espesyal na pagsasanay na nakapasa sa pagsusuri sa background. Ang mga propesyonal na provider ay nagpapataw ng singil. Sila rin ay mga inatasan ng batas na tagapag-ulat (mandated reporter), na nangangahulugan na kailangan nilang mag-ulat ng pinaghihinalaang pang-aabuso sa bata sa lokal na departamento para sa kapakanan ng bata (kilala rin bilang CPS). Ang mga propesyonal na provider ay maaaring gamitin para sa mga maiikling pagbisita (halimbawa: 1–2 oras). Ang iyong lokal na hukuman ay maaaring mayroong listahan ng mga lokal na propesyonal na provider.

### *Hindi propesyonal na provider*

Ang hindi propesyonal na provider ay madalas na isang kaibigan o miyembro ng pamilya na walang espesyal na pagsasanay, at hindi binabayaran para sa pagbabantay sa mga pagbisita. Ang provider na pipiliin mo ay kailangang:

- Gawing pangunahing priyoridad ang kaligtasan;
- Sundin ang kautusan ng hukom;
- Magsalita ng wikang katulad ng sa bata at sa bumibisitang magulang; at
- Maging kumportableng tapusin ang pagbisita, kung kailangan.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga pagbisitang binabantayan, pumunta sa selfhelp.courts.ca.gov/guide-supervised-visitation.

- **Mga Virtual na Pagbisita**

Isang pagbisita sa pagitan ng magulang at anak gamit ang elektronikong komunikasyon kung saan nakikita at naririnig nila ang isa't isa (mga halimbawa: Zoom, FaceTime, WhatsApp). Ang mga virtual na pagbisita ay maaaring mangailangan na ang bata at bumibisitang magulang ay magkaroon ng access sa internet sa panahon ng pagbisita. Ang mga virtual na pagbisita ay maaaring isang magandang opsyon kung mayroon kang mga alalahanin sa kaligtasan, o kung malayo sa mga bata ang tirahan ng kabilang magulang. Maaari rin itong maging isang magandang opsyon kung matagal nang hindi nakita ng kabilang magulang ang mga bata. Ang mga virtual na pagbisita ay maaaring binabantayan o hindi binabantayan. Ang tagal ng bawat pagbisita ay dapat ding magdepende sa edad ng bata (halimbawa: ang mas maliit na bata ay maaaring hindi kayang pagtuunan ng pansin ang matagal na pagbisita). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga virtual na pagbisita, pumunta sa selfhelp.courts.ca.gov/domestic-violence-child-custody.

- **Walang Mga Pagbisita**

Sa ilang sitwasyon, maaaring hindi maging ligtas para sa iyong anak na bumisita kasama ang kabilang magulang.

## Kakailanganin ko bang makipagkita sa kabilang magulang para sa palitan ng bata?

Maaari kang humiling ng mga kautusan na hindi mag-aatas sa iyong makipagkita sa kabilang magulang, tulad ng pagpapasundo sa kabilang magulang ng mga bata sa paaralan o daycare. O maaari kang humiling ng mga palitan na binabantayan. Tulad ng mga pagbisitang binabantayan, ang mga palitan na binabantayan ay nangangahulugan na nakikibahagi ang isang neutral na ikatlong indibidwal at tutulungan kang ihatid ang mga bata sa kabilang magulang upang hindi mo na kailangang makatagpo ang kabilang magulang.

## Paano kung nag-aalala ako na maaaring dukutin ng kabilang magulang ang aming mga anak?

Maaari kang humiling ng mga kautusan sa kustodiya at pagbisita na pinakamahusay na poprotektahan ang inyong mga anak. Mayroon ding iba pang mga kautusan na maaaring mong hilingin upang maiwasan ang pagdukot. Kung gusto mong hilingin ang mga kautusang ito, kumpletuhin ang form DV-108, *Kahilingan para sa Mga Kautusan upang Maiwasan ang Pagdukot sa Bata*, at isumite ito kasama ang iyong nakumpletong form DV-105, at iba pang mga kinakailangang form para sa iyong kahilingan ng utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan.

## Paano kung ang magulang ay may access sa mga armas at amunisyon?

Kung iginawad ang utos ng pagbabawal na makipag-ugnayan laban sa kabilang magulang, ang magulang na iyon ay hindi maaaring magkaroon ng anumang mga armas o amunisyon. Kung ang kabilang magulang ay may access sa mga armas o amunisyon, maaari mong isama ang impormasyon sa form DV-100, *Kahilingan para sa Mga Kautusan ng Pagbabawal na Makipag-ugnayan Dahil sa Karahasan sa Tahanan*. Isasaalang-alang ng hukuman kung ang isang magulang ay may ilegal na access sa mga armas at amunisyon, kapag gumagawa ng mga kautusan sa kustodiya

at pagbisita. Kung namamalagi ka sa isang kumpidensyal na silungan, kailangang isaalang-alang ng hukom ang pag-access ng kabilang magulang sa mga armas o amunisyon sa pagpapasya kung ang kabilang magulang ay dapat magkaroon ng mga sa-personal na pagbisita sa inyong anak.

## Saan ako makakakuha ng libreng ligal na tulong?

Ang mga kawani sa sentro ng pagtulong-sa-sarili ay hindi kikilos bilang iyong abogado ngunit maaaring makapagbigay sa iyo ng impormasyon upang tulungan kang magpasya kung ano ang gagawin sa iyong kaso, at tulungan ka sa mga form. Hanapin ang sentro ng pagtulong-sa-sarili ng iyong lokal na hukuman sa selfhelp.courts.ca.gov/find. Gayundin, maaaring makakuha ng libreng ligal na tulong sa iyong komunidad. Para sa higit pang impormasyon, pumunta sa lawhelpca.org.

## Makukuha rin sa online ang impormasyon tungkol sa proseso ng hukuman

selfhelp.courts.ca.gov/DV-restraining-order/process.

## Saan ako makakahanap ng iba pang tulong?

Ang Pambansang Hotline sa Karahasan sa Tahanan (National Domestic Violence Hotline) ay nagbibigay ng mga libre at pribadong payo sa kaligtasan. Mayroong tulong sa araw-araw, 24 na oras sa isang araw, at sa mahigit na 100 wika. Bumisita sa online sa thehotline.org o tumawag sa 1-800-799-7233.

## Paano kung kailangan ko ng tagasalin ng wika?

Kung kailangan mo ng tagasalin ng wika, gamitin ang form INT-300 upang humiling ng tagasalin ng wika o magtanong sa klerk ng hukom kung paano humiling nito.

## Mayroon akong kapansanan. Paano ako makakakuha ng tulong?

Maaari mong gamitin ang form MC-410 para humingi ng tulong. Makipag-ugnayan sa tagapag-ugnay para sa kapansanan o ADA sa iyong lokal na hukuman para sa higit pang impormasyon.

## Kahilingan para sa Mga Akomodasyon

Ang mga sistema ng pagtulong sa pakikinig, real-time na captioning sa tulong ng-computer, o mga serbisyo ng tagasalin ng wika ng sign language ay makukuha kung hihiling ka nang hindi bababa sa limang araw bago ang pagdinig. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng klerk o pumunta sa courts.ca.gov/forms para sa *Kahilingan para sa Akomodasyon ng May Kapansanan* (form MC-410). (Civ. Kodigo, § 54.8.)



**Para sa iyong proteksyon at pagkapribado, mangyaring pindutin ang I-clear na buton matapos mong i-print ang form.**

I-print I-save I-clear